Ang sinumang nakalimot ng isang ṣalāh ay magdasal nito kapag nakaalaala nito; walang panakip-sala para rito kundi iyon (Qur'ān 20:14)

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nakalimot ng isang ṣalāh ay magdasal nito kapag nakaalaala nito; walang panakip-sala para rito kundi iyon (Qur'ān 20:14): {...at magpanatili ka ng pagdarasal para sa pag-alaala sa Akin.}"}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nakalimot sa pagganap ng alinmang ṣalāh na isinatungkulin hanggang sa lumampas ang oras nito, kailangan sa kanya na magdadali-dali at magmabilis sa pagbabayad-pagsasagawa nito sa sandali ng pagkasaalaala nito sapagkat walang pagbura at pagtatakip sa isang pagkakasala ng pag-iwan nito maliban na dasalin ito ng Muslim sa sandali ng pagkasaalaala nito. Nagsabi si Allāh sa Marangal na Aklat niya: {at magpanatili ka ng pagdarasal para sa pag-alaala sa Akin} (Qur'ān 20:14) Ibig sabihin: magsagawa ka ng ṣalāh na nakalimutan kapag nakaalaala ka nito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65088